7

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Asignatura 7**
**Kuwarter 1: Aralin 6 (Linggo 6)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Jayson P. Sollorano, EdD

**Tagasuri:**
- Marivic M. Pimentel, PhD (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute of Teacher Quality
SiMMER National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, KUWARTER 1, BAITANG 7 (ARALIN 6-LINGGO 6)**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng proyekto na nagpapaliwanag sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>1. *Natatalakay ang Island Origin Hypothesis (Solheim) at Peopling of Mainland Southeast Asia*<br>2. *Natutukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng Teoryang Mainland Origin Hypothesis at Island Origin Hypothesis.*<br>3. *Napahahalagahan ang mga katangian ng mga ninuno na kung saan itoy patuloy na nasisilayan sa kasalukuyang henerasyon.*<br>4. *Nakagagawa ng isang concept map hinggil sa lahing pinagmulan.* |
| **D. Nilalaman** | SINAUNANG KASAYSAYAN NG TIMOG SILANGANG ASYA – IKALAWANG BAHAGI |
| **E. Integrasyon** | SDG #4: Quality Education<br>Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Blando et al (2014). Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba-Araling Panlipunan-Modyul para sa Mag-aaral. Eduresources Publishing, Inc. Meralco Avenue, Pasig City, Philippines (page 153)<br><br>Gabuat et al. (2016). Araling Panlipunan 5: Pilipinas Bilang Isang Bansa. Vibal Group, Inc. 1253 Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines (pp. 52-53) |


| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**Panuto:** Suriin ang mga sumusunod na pahayag. Piliin sa kahon sa ibaba ang iyong sagot. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.<br><br>1. Ito ay tumutukoy sa pangkat ng mga taong gumagamit o nagsasalita ng wikang Austronesian.<br><br>2.Siya ang arkeologong Australian na naniniwala na ang pinagmulan ng mga ninunong Filipino ay ang mga Austronesian.<br><br>3. Ayon sa Mainland Origin Hypothesis orihinal na nagmula ang mga Austronesian sa bansang ____________.<br><br>4. Noong 2500 B.C.E. ang mga Austronesian ay nakarating sa Pilipinas mula sa ______________.<br><br>*5.* Binigyang diin ng Mainland Origin Hypothesis na nagmula ang mga Austronesian sa Timog China na naglakbay sa Taiwan at nagtungo sa hilagang Pilipinas. Mula sa Pilipinas ay nagtungo naman sa _______________. | Ang mga gawaing matatagpuan sa araling ito ay inaasahang magagawa sa loob ng isang linggo.<br><br>Sa bahaging ito, ang guro ay may kalayaan na ibahin o baguhin ang mga pamamaraan upang maibigay ang maikling balik-aral.<br><br>**BALIK-ARAL**<br><br>Susi sa Pagwawasto<br><br>1. Austronesian<br><br>2. Peter Bellwood<br><br>3. China<br><br>4. Taiwan |

| | | |
|---|---|---|
| | **Austronesian Peter Bellwood Antonio Figafetta**<br>**Malay Taiwan Indonesia China**<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)** | 5. Indonesia<br><br>Ang pagsasagot sa balik-aral ay inaasahang gagawin sa unang araw ng pagtatalakay ng aralin. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Panuto: Sagutan ang mga sumusunod na gabay na tanong at isulat sa sagutang papel.<br>a. Ano ang Island Origin Hypothesis?<br>b. Ibigay pagkakatulad at pagkakaiba ng Teoryang Mainland Origin Hypothesis at Island Origin Hypothesis.<br>c. Paano mo pahahalagahan ang mga katangian ng iyong mga ninuno?<br>d. Paano mo matutukoy ang iyong lahing pinagmulan?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**Gawain 1. SUBUKIN NATION! (#Susing Salita ng Aralin)**<br>Panuto: Isaayos ang mga pinaghalo-halong mga titik sa bawat bilang upang mabuo ang tamang salita. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno o sa inihandang espasyo sa sagutang papel. | Maaaring umisip ang guro ng iba pang teknik upang mailahad ang mga layunin.<br><br>**Gawain 1**<br>Susi sa Pagwawasto:<br>1. Hypothesis<br>2. Peopling<br>3. Mainland<br>4. Sopistikado<br>5. Katig |

| | |
|---|---|
| **YHPTOHESSI** ______________ | Ito ay isang hinuha, isang palagay o haka na pinaghahanguan ng katwiran o paliwanag. |
| **EPOLPIGN** ______________ | Ito ay tumutukoy sa mga tao. |
| **AMINALDN** ______________ | Ito ay nangangahulugan na isang kalakhang bahagi ng lupain o isang pangunahing lupain ng isang lugar. |
| **OSPSITIKAOD** ______________ | Ito ay nagpapakita ng mataas na antas ng kaalaman. |
| **AKTGI** ______________ | Ito ay kilala rin sa tawag na Batangan. Ito ay mahabang suporta sa magkabilang gilid ng bangka. |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | 1. **Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Paksa: ANG ISLAND ORIGIN HYPOTHESIS AT PEOPLING OF MAINLAND SOUTHEAST ASIA**<br><br>Napag-aralan sa nakaraang aralin ang Mainland Origin Hypothesis ni Peter Bellwood, sa araling ito ay bibigyang pansin naman ang Island Origin Hypothesis ni Wilhelm G. Solheim II. Siya ay kilala sa larangan ng pag-aaral sa Timog-silangang Asya, Pilipinas, at prehistoric archaeology ng Timog-silangang Asya. Siya ay isang antropologong Amerikano na naniniwala na ang mga Austranesian din ang mga unang tao sa Pilipinas batay sa kaniyang *Nusantao Traiding and Communication Network Hypothesis.* Ang *nusantao* ay hango sa mga salitang Austranesian na *nus* na nangangahulugang *"tao mula sa timog."* Naniniwala rin sya na ang mga Austronesian ay nanggaling naman sa Indonesia at nagtungo sa Pilipinas mula sa Mindanao. Nagpatuloy ang mga Austronesian mula sa Pilipinas patungong hilaga hanggang sa makarating sila sa Timog China. Kilala rin ito bilang ***Island Origin Hypothesis.***<br><br>Ang pangunahing dahilan ng pagpapalawak ng teritoryo ng mga Austronesian noon ay ang pakikipagkalakalan, ayon kay Solheim II. Ayon sa paniniwala, nagmula sa Celebes at Sulu hanggang sa lumawak ang pakikipagugnayan na nauwi sa pakikipagkasunduan, kasalan, at migrasyon ng mga tao sa Timog-silangang Asya hanggang sa makarating sa Pilipinas.<br><br>Alinman ang totoo sa magkaibang paniniwala tungkol sa pinagmulan ng mga Austronesian, maging ***Mainland Origin Hypothesis o Island Origin Hypothesis***, mas mahalagang malaman na ang mga ninunong ito ay kinikilalang mga bihasa sa pandaragat at paglalayag. Maiuugnay sa mga Austronesian ang imbensyon ng bangkang may katig na nagpakilala sa mga kakayahan sa sopistikadong paglalayag.<br><br>***Peopling Mainland Southeast Asia***.<br>Ang Timog-silangang Asya ay binubuo ng dalawang sub-regions: ang mainland Southeast Asia at insular Southeast Asia. Ang Mainland Southeast Asia na binubuo | Maaari pang umisip ang guro ng iba pang pamamaraan upang ilahad ang paksa sa mga mag-aaral. Maaring gumawa ng graphic organizer para mas mabilis na maunawaan ng mga mag-aaral.<br><br>Ang bahaging ito ay nakatakda na gawin sa ikalawang araw, subalit may kalayaan ang guro |

| | | |
|---|---|---|
| | ng mga bansang Myanmar, Thailand, Vietnam, Laos, at Cambodia. Ang mga tao na naninirahan dito ay tinatawag na ***Peopling of Mainland Southeast Asia***. Sa kabilang banda napag-aralan sa mga nakaraang aralin, ang insular southeast Asia na binubuo naman ng mga bansang Pilipinas, Indonesia, Malaysia, Brunei, Singapore, at East Timor.<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Gawain 2: PAMPROSESONG MGA TANONG (#I-UNDERSTAND)**<br>**Panuto:** Sagutan ang mga sumusunod na katanungan at isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>1. Ano ang kahulugan ng Island Origin Hypothesis?<br>______________________________<br>______________________________<br>2. Ano ang kahulugan ng Peopling Mainland Southeast Asia?<br>______________________________<br>______________________________<br>3. Paano ipinaliliwanag ng Teorya Island Origin Hypothesis ang pinagmulan ng ninuno ng mga Pilipino.<br>______________________________<br>______________________________<br>**Gawain 3. TAMA O MALI (#SUBUKIN)**<br>Panuto: Isulat sa sagutang papel ang tama kung wasto ang isinasaad sa pangungusap at isulat ang Mali kung hindi wasto.<br>1. Si Wilhelm G. Solheim II ay kilala sa larangan ng pag-aaral sa Timog-silangang Asya, Pilipinas, at prehistoric archaeology ng Timog-silangang Asya.<br>2. Ang *nusantao* ay hango sa mga salitang Austranesian na *nus* na nangangahulugang *"tao mula sa timog."* | na gawin ito kahit anong araw bastat matatapos ang lahat sa ika-apat na araw.<br><br>**Gawain 2**<br>May kalayaan ang guro na magbigay ng marka para sa gawaing ito.<br><br>**Gawain 3**<br>Susi sa pagwawasto:<br>1. Tama<br>2. Tama<br>3. Tama<br>4. Tama |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Naniniwala si Wilhelm G. Solheim II na ang mga Austronesian ay nanggaling naman sa Indonesia at nagtungo sa Pilipinas mula sa Mindanao.<br>4. Maiuugnay sa mga Austronesian ang imbensyon ng bangkang may katig na nagpakilala sa mga kakayahan sa sopistikadong paglalayag.<br>5. Ang Mainland Southeast Asia ay binubuo ng mga bansang Pilipinas, Indonesia, Malaysia, Brunei, Singapore, at East Timor.<br><br>**Gawain 4: VENN DIAGRAM (#Paghambingin mo!)**<br><br>**Panuto:** Punan ang Venn Diagram ng pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang konsepto. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br><br><br><br><br>**IKATLONG-ARAW**<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**Gawain 5: PAGSUSULAT NG SANAYSAY (#Mag-isip!)**<br><br>**Panuto:** Sumulat ng isang sanaysay sa iyong kuwaderno na magpapakilala sa lahing pinagmulan. Ilarawan ang lahing iyong pinag-ugatan at kung paanong ang | 5. Mali<br><br>Ang bahaging ito ay nakatakda na gawin sa ikatlong araw, subalit may kalayaan ang guro na gawin ito kahit anong araw bastat matatapos ang lahat sa ika-apat na araw.<br><br>**Gawain 4**<br><br>Pagkakaiba.<br><br>**Mainland Origin Hypothesis**<br><br>Binigyang diin na nagmula ang mga Austronesian sa timog China na naglakbay sa Taiwan at nagtungo sa hilagang Pilipinas. Mula sa Pilipinas ay nagtungo naman sa Indonesia. Ang iba ay nagtungo sa Malaysia, gayundin sa New Guinea, Samoa, Hawaii, Eastern Island hanggang Madagascar.<br><br>**Island Origin Hypothesis** |

katangian ng iyong mga ninuno ay patuloy na masisilayan at mapapahalagahan sa iyong henerasyon.


Gawing gabay ang rubriks sa ibaba.

| | Napakahusay (4) | Mahusay (3) | May kulang (2) |
|---|---|---|---|
| Paglalahad ng mga impormasyon. | | | |
| Ideya at daloy ng mga argumento. | | | |
| Baybay at gramatika. | | | |
| **Kabuuang Puntos** | | | |

**Gawain 6: ANG AKING LAHI (#Alamin mo!)**

**Panuto:** Gamit ang concept map ay alamin ang lahing pinagmulan. Magtanong kay nanay at tatay ng mga hinihinging impormasyon. Maaring dagdagan pa kung natutukoy ang ngalan ng ninuno. Gawing gabay ang concept map sa ibaba.

Sagutan din ang mga pamprosesong tanong sa ibaba.




Naniniwala Si Solheim II na ang mga Austronesian ay nanggaling naman sa Indonesia at nagtungo sa Pilipinas mula sa Mindanao. Nagpatuloy ang mga Austronesian mula sa Pilipinas patungong hilaga hanggang sa makarating sila sa Timog China.

***Pagkakatulad***

Ang mga ninuno ay kinikilalang mga bihasa sa pandaragat at paglalayag. Maiuugnay sa mga Austronesian ang imbensyon ng bangkang may katig na nagpakilala sa mga kakayahan sa sopistikadong paglalayag.

**Gawain 5**

May kalayaan ang guro na magbigay ng marka para sa gawaing ito. Tandaan na hindi bigyang konsiderasyon ang mga mag-aaral na hindi kumpleto ang pamilya.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Pamprosesong mga tanong:<br><br>1. Ano ang naramdaman mo sa pagbuo ng concept map ng iyong lahing pinagmulan?<br><br>2. Nahirapan ka ba sa pagbuo ng concept map o hindi? Ipaliwanag.<br><br>3. Bilang isang mag-aaral, gaano ka importante na alam mo ang iyong lahing pinagmulan?</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>IKAAPAT NA ARAW<br><br>1. Pabaong Pagkatuto<br><br>
<table>
<tr><td>Island Origin Hypothesis</td><td>Naniniwala rin Si Solheim II na ang mga Austronesian ay nanggaling naman sa Indonesia at nagtungo sa Pilipinas mula sa Mindanao. Nagpatuloy ang mga Austronesian mula sa Pilipinas patungong hilaga hanggang sa makarating sila sa Timog China.</td></tr>
<tr><td>Peopling of Mainland Southeast Asia</td><td>Ang Mainland Southeast Asia na binubuo ng mga bansang Myanmar, Thailand, Vietnam, Laos, at Cambodia. Ang mga tao na naninirahan dito ay tinatawag na Peopling Mainland Southeast Asia.</td></tr>
</table>
<br>2. Pagninilay sa Pagkatuto<br><br>Gawain 7. Pagninilay<br><br>Panuto: Magsagawa ng pagninilay hinggil sa aralin na natutunan. Kokopyahin sa g kuwaderno ang talahanayan. Lagyan ng tsek ng mga mag-aaral kung ang mga nakalahad na kasanayan ay nalinang. Sasagutin din ng mga inihandang tanong.</td>
<td>Ang bahaging ito ay nakatakda na gawin sa ikaapat na araw. Inaasahan na matatapos ng guro ang buong aralin.<br><br>May kalayaan ang guro na umisip pa ng ibang teknik kung paano ibibigay ang paglalahat<br><br>Sa bahaging ito ay inaasahang masasagutan ng mga mag-aaral ang pagninilay ng buong puso.</td>
</tr>
</table>

| Mga kasanayan | Hindi sapat ang kasanayan ko | Sapat ang kasanayan ko | Lubos ang kasanayan ko |
| --- | --- | --- | --- |
| *Natatalakay ang Island Origin Hypothesis (Solheim) at Peopling of Mainland Southeast Asia* | | | |
| *Natutukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng Teoryang Mainland Origin Hypothesis at Island Origin Hypothesis.* | | | |
| *Napahahalagahan ang mga katangian ng mga ninuno na kung saan itoy patuloy na nasisilayan sa kasalukuyang henerasyon.* | | | |
| *Nakagagawa ng isang concept map hinggil sa lahing pinagmulan.* | | | |

**Pamprosesong mga Tanong:**

1. Anong mga kaalaman at kasanayan ang natutunan mula sa aralin?
2. Anong mga kaalaman at kasanayan ang nahirapan kang matutunan?
3. Bakit nahirapan kang matutuhan ang mga nasabing kaalaman at kasanayan?
4. Kung pag-aaralang muli ang nilalaman ng aralin at gagawin ang mga pagsasanay, paano mo higit na mapagbubuti ang iyong pagkatuto?
   a. Sumangguni sa iyong naging sariling karanasan?

| | | |
|---|---|---|
| | b. Sumangguni sa iyong mga kamag-aral at tanungin ang kanilang naging karanasan sa pag-aaral?<br>c. Sumangguni sa iyong guro at humingi ng mga mungkahi? | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>Panuto: Basahin at bilugan ang letra ng wastong kasagutan.<br><br>1. Siya ay kilala sa larangan ng pag-aaral sa Timog-silangang Asya, Pilipinas, at prehistoric archaeology ng Timog-silangang Asya.<br>A. Peter Bellwood<br>B. Wilhelm G. Solheim II<br>C. Antonio Figafetta<br>D. George W. Bush<br><br>2. Ang *nusantao* ay hango sa mga salitang Austranesian na *nus* na nangangahulugang ___________________.<br>A. Tao mula sa timog<br>B. Tao mula sa hilaga<br>C. Tao mula sa Silangan<br>D. Tao mula sa kanluran<br><br>3. Naniniwala si Wilhelm G. Solheim II na ang mga Austronesian ay nanggaling naman sa Indonesia at nagtungo sa Pilipinas mula sa _____________.<br>A. Luzon | Susi sa pagwawasto:<br>1. A<br>2. A<br>3. C<br>4. A<br>5. A |

B. Visayas
C. Mindanao
D. Indonesia

4. Maiuugnay sa mga Austronesian ang imbensyon ng bangkang may _________ na nagpakilala sa mga kakayahan sa sopistikadong paglalayag.
A. Katig
B. Lubid
C. Sagwan
D. Motor
5. Ang Mainland Southeast Asia na binubuo ng mga bansang Myanmar, Thailand, Vietnam, Laos, at _______________.

A. Cambodia
B. Thailand
C. Pilipinas
D. East Timor

**2. Gawaing Pantahanan/ Takdang-Aralin**

Magsaliksik ng mga impormasyon hinggil sa mga sumusunod:

Mga Sinaunang Kabihasnan sa Mainland (Pangkontinente)

a. Funan

b. Angkor (Khmer)

c. Pagan

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
| | ***Estratehiya*** | | | |

<table>
<tr><td rowspan="4"></td><td></td><td></td><td></td><td rowspan="4"></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<ul><li><u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</li><li><u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</li><li><u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</li></ul></td><td></td></tr>
</table>